

# HELLO MULA SA Lebanon!

Ang Lebanon ay nasa Middle East. Mga 7 milyong tao ang nakatira doon.



*Sumama kina Margo at Paolo sa paglalakbay nila sa mundo para malaman ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit.*

**MGA CEDAR NG LEBANON**
Dati-rati'y maraming puno ng cedar sa Lebanon. Binanggit nang mahigit 70 beses ang mga cedar ng Lebanon sa Biblia! Ngayon, may isang cedar tree sa bandila ng Lebanon.








**MGA BAYBAYING LUNGSOD**
Ang buong hangganan ng Lebanon sa kanluran ay nasa baybayin ng Mediterranean Sea. Ang mga batang babaeng ito ay nasa isang tabing-dagat sa kabiserang lungsod na Beirut.




**OPISYAL NA WIKA**
Ito ang Doktrina at mga Tipan sa Arabic, ang opisyal na wika ng Lebanon.



**DALAWANG RELIHIYON**
Ang Islam at Kristiyanismo ang mga pangunahing relihiyon ng Lebanon. Ang mosque ng mga Muslim ay katabi ng isang simbahang Kristiyano.



**TABBOULEH**
Ang salad na ito ay gawa sa parsley, kamatis, mint, sibuyas, at bulgur (isang uri ng butil).

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE